

Mga Serbisyo sa Pagtataasa at Pagsisiyasat

Kung may mga pag-aalala tungkol sa posibleng pang-aabuso, pagpapabayâ o sariling kapabayaan ng isang mahinang nasa hustong gulang, ang mga batas ng British Columbia ay nagbibigay sa Public Guardian and Trustee (PGT) at mga itinalagang ahensya (mga awtoridad sa kalusugan at Community Living BC) ng kakayahang tumugon.

Ang PGT ay nagbibigay ng iba't ibang mga serbisyo sa mga mahihinang nasa hustong gulang na maaaring mangailangan ng tulong sa pamamahala, pagprotekta, at paggawa ng mga desisyon tungkol sa kanilang personal, pinansyal o legal na mga gawain dahil sa kawalang-kakayahan sa pag-iisip.

Ang karamihan ng mga sitwasyong hinahawakan ng PGT ay nauugnay sa pangangasiwa ng mga gawaing pinansyal.

Paano tinutugunan ng PGT ang mga pag-aalala ng mga mahihinang nasa hustong gulang?

- Maaari kaming magbigay ng impormasyon sa mga opsyon na magagamit upang matulungan ang nasa hustong gulang;
- Maaari kaming konsultahin sa mga problema na may kinalaman sa mga kumplikado at mapanganib na sitwasyon ng pang-aabuso, pagpapabayâ o sariling kapabayaan; at
- Maaari kaming magpasya kung kinakailangan ng higit pang pagsisiyasat o imbestigasyon.

Kailan sisimulan ang isang pagsisiyasat?

- Kapag mayroong pag-aalala na ang isang nasa hustong gulang ay maaring may kapansanan sa pag-iisip at dahil dito'y maaaring wala ng kakayahang pangasiwaan ang kanyang mga gawaing pinansyal;
- Kapag mayroong isang tiyak, kagyat o agarang pangangailangan; at
- Kapag walang ibang tao na naaangkop (pamilya o kaibigan) na may awtoridad o handang kumilos sa ngalan ng nasa hustong gulang.

Kung hindi kinakailangan ng higit na pagsisiyasat, ipagbibigay-alam ito ng PGT sa taong nag-ulat ng pag-aalala.

Bawat taon, ang PGT ay nakakatanggap ng mahigit sa 1,000 ulat mula sa mga taong nag-aalala tungkol sa mahihinang nasa hustong gulang. Karamihan sa mga ito ay nagreresulta sa impormal na mga solusyon, tulad ng mga kaibigan o pamilya na maaaring tumulong.

Bakit kailangan magsiyasat?

- Upang malaman kung ang kapalit na tagapagdesisyon ay hindi nakatutupad sa kanyang legal na tungkulin;
- Upang malaman kung ang ilang mga opsyon ay maaaring isagawa upang protektahan at pangasiwaan ang mga gawaing pinansyal ng nasa hustong gulang; at
- Upang malaman kung ang nasa hustong gulang ay nahaharap sa malubhang panganib kung saan ay kinakailangang mag-appoint ng isang tagapagdesisyon.

Ano ang ginagawa ng PGT sa isang pagsisiyasat?

Ang layunin ng pagsisiyasat ng PGT ay upang matukoy kung anong uri ng tulong ang maaaring kailangan ng nasa hustong gulang.

Ang pokus ay ang laging maghanap ng opsyon na hindi mapanghimasok ngunit pinakamabisa.

Kung kinakailangan, ang PGT ay may awtoridad na mangolekta ng mga impormasyon na nauukol sa kakayahang ng nasa hustong gulang na pangasiwaan ang kanyang mga gawaing personal, legal, at pinansyal. Ang saklaw ng pagsisiyasat ay nakabatay sa mga salik kabilang ang panganib, pangangailangan ng kagyat na pagkilos at mga sirkumstansya.

- Kokunsultahin namin ang panig ng mga nag-uulat at iba pang mga malalapit sa nasa hustong gulang;
- Tatasahin namin kung ang mga ari-arian o propyedad ay nasa panganib, at kung gayon, isasaalang-alang namin ang mga opsyon upang protektahan ito.
- Titingnan namin kung may iba pang tao na kakilala ang nasa hustong gulang na maaaring tumulong;
- Maaari namin hilingin sa isang kapalit na tagapagdesisyon naipakita kung paano ang mga ari-arian, kita at mga gastos ng nasa hustong gulang ay pinangangasiwaan;
- Maaari namin hilingin ang impormasyon tungkol sa pinansyal na sitwasyon ng nasa hustong gulang kabilang ang mga statement mula sa bangko o investment advisor;
- Maaari namin konsultahin ang mga itinalagang awtoridad sa kalusugan;
- Maaari namin hilingin ang impormasyon o pagtatasa mula sa doktor o health care provider ng nasa hustong gulang upang malaman kung ang mga ito ay talagang walang kakayahang pangasiwaan ang kanilang mga gawain.

Paano mailalahok ang nasa hustong gulang?

- Ipapaalam sa nasa hustong gulang ang pagsisiyasat at kokunsultahin siya sa mga opsyon;
- Tutukuyin ng nasa hustong gulang kung sino ang mga tao na maaaring tumulong;
- Ang nasa hustong gulang ay maaaring magbigay ng mga mungkahi tungkol sa pangangasiwa ng kanyang mga gawain.

Mga Pumapatnubay na Prinsipyo sa Adult Guardianship Act (Batas sa Pangangalaga ng Nasa Hustong Gulang)

- *Ang lahat ng mga nasa hustong gulang ay may karapatang mamuhay sa paraan na nais nila at tumanggap o tumanggi ng suporta, tulong o proteksyon hangga't ang mga ito ay may kakayahang gumawa ng mga desisyon tungkol sa mahahalagang bagay;*
 - *Ang lahat ng mga nasa hustong gulang ay dapat tumanggap ng pinakamabisa, ngunit hindi mahigpit at mapanghimasok na paraan ng pagsuporta, tulong o proteksyon kapag ang mga ito ay wala nang kakayahang pangalagaan ang kanilang sarili o ang kanilang mga gawaing pinansyal;*
 - *Hindi dapat hilingin sa hukuman na mag-appoint, o hindi dapat mag-appoint ng isang committee maliban kung ang mga alternatibo, tulad ng pagbibigay ng suporta at tulong, ay nasubukan na o maingat na isinasaalang-alang;*
 - *Hanggang hindi nangyayari ang kabaligtaran, ang bawat nasa hustong gulang ay ituturing na may kakayahang gumawa ng mga desisyon sa kanyang personal na pangangalaga, pangangalagang pangkalusugan at mga gawaing pinansyal;*
 - *Ang paraan ng pakikipag-usap ng isang nasa hustong gulang sa ibang tao ay hindi batayan para magpasya na siya ay wala ng kakayahang magdesisyon.*
-

Ano ang mga posibleng mangyari?

Kapag mayroong kapalit na tagapagdesisyon (substitute decision maker)

- Kung ang kapalit na tagapagdesisyon ay hindi nakatutupad sa kanyang mga legal na tungkulin at ang mga nasa hustong gulang o ang kanilang mga ari-arian ay nasa panganib, susubukan namin lutasin ang mga pag-aalala o maaari naming palitan ang kahaliling tagapagdesisyon.

Kapag may mga pag-aalala sa kalusugan at kaligtasan

- Kung ang nasa hustong gulang ay nakakaranas ng pang-aabuso o kapabayaang, at hindi magagawang humingi ng tulong para sa kanyang sarili, ang PGT ay maaaring kailanganing ilahok ang mga itinalagang ahensya.

Mga pagpipilian na tulong

- Maaari kaming magbigay ng impormasyon sa resources sa komunidad upang makatulong na sumuporta sa mga nasa hustong gulang;
- Maaari kaming makatulong sa pagsasaliksik ng mga opsyon bago magplano;
- Ang isang taong mapagkakatiwalaan ay maaaring gumawa ng mga hakbang upang makuha ang awtoridad na pamahalaan ang mga gawain ng nasa hustong gulang; at
- Kung ang nasa hustong gulang ay wala nang kakayahang pangasiwaan ang kanyang mga gawaing pinansyal, at walang ibang tao na maaaring tumulong, ang PGT ay maaaring gumawa ng mga hakbang upang makuha ang awtoridad na pamahalaan ang mga gawain ng nasa hustong gulang na iyon.

Kapag ang PGT ay ini-appoint na committee of estate, kami ang responsable para sa pamamahala ng pananalapi ng nasa hustong gulang. Kabilang dito ang pangangasiwa ng mga ari-arian, pagbabayad ng bills at mga katulad nito. Ang PGT ay sumisingil para sa serbisyong ito.

Ang PGT ay nakatuon sa pagpapanatili ng pagiging kompidensyal at seguridad ng lahat ng impormasyong ibinigay, kabilang ang identidad ng mga tao na gumagawa ng ulat. Ang pagkolekta, paggamit at pagsisiwalat ng mga personal na impormasyon ay dapat na alinsunod sa Freedom of Information and Protection of Privacy Act (Batas sa Kalayaan para sa Impormasyon at Proteksyon ng Pagkapribado) at iba pang batas sa BC.

Mga Katanungan o mga Pag-aalala

Kung mayroon kayong mga katanungan o mga pag-aalala tungkol sa proseso ng pagsisiyasat o pagtatasa, mangyaring makipag-ugnayan sa amin nang direkta sa pamamagitan ng contact information sa susunod na pahina o sa pamamagitan ng pagpapadala sa amin ng mensahe sa AIS-PDS@trustee.bc.ca.

Kung ang pagtatasa ay hiniling, o kung ang PGT ay na-appoint na committee ng inyong estate, maari kayong humingi ng legal na payo tungkol sa inyong mga karapatan. Ang mga tauhan ng PGT ay makapagbibigay ng impormasyon tungkol sa legal resources.

Kung mayroon kayong reklamo tungkol sa imbestigasyon ng PGT, maari kayong humingi ng **Fact Sheet: Response to Client Complaints** para sa karagdagang impormasyon tungkol sa paraan ng pagrereklamo. Ang Fact Sheet ay mahahanap din sa aming website sa www.trustee.bc.ca/Pages/feedback.aspx. Kung hindi kayo nasisiyahan sa sagot ng PGT sa inyong reklamo, maari ninyong sabihin ang inyong mga alalahanin sa BC Ombudsperson, na matatawagan sa 1.800.567.3247; o kaya'y bisitahin ang www.bcombudsperson.ca.

Ang mga publikasyon na ito ay makukuha sa website ng PGT (www.trustee.bc.ca) o kapag humingi ka.

When the PGT is Committee (Kapag ang PGT ay Committee)

How You Can Help (Paano Kayo Makakatulong)

It's Your Choice - Personal Planning Tools (Ikaw ang Pipili - Tools sa Personal na Pagaplano)

Assessment and Investigation Services Referral Form (Mga Serbisyo sa Pagtatasa at Pagsisiyasat - Pormularyo ng Referral)

Makipag-ugnayan sa Public Guardian and Trustee

Assessment and Investigation Services

700–808 West Hastings Street
Vancouver, BC V6C 3L3

LOCAL PHONE **604 660 4507**
TOLL FREE PHONE **1 877 511 4111**
LOCAL FAX **604 660 9479**
TOLL FREE FAX **1 855 660 9479**
EMAIL **AIS-PDS@trustee.bc.ca**

Pagtawag sa Toll-free na numero

Tumawag nang walang bayad sa pamamagitan ng Service BC. Matapos i-dial ang tamang numero para sa iyong lugar (tingnan sa ibaba) humiling na makausap ang Public Guardian and Trustee.

VANCOUVER **604 660 2421**
VICTORIA **250 387 6121**
IBA PANG LUGAR SA BC **1 800 663 7867**
email **mail@trustee.bc.ca**
WEBSITE **www.trustee.bc.ca**

*Mga oras ng opisina sa PGT, Lunes hanggang Biyernes 8:30am
- 4:30pm.*

Mahalagang paalaala: Ang impormasyon na ito tungkol sa Mga Serbisyo sa Pagtatasa at Pagsisiyasat ay ibinabahagi ng Public Guardian and Trustee ng British Columbia. Ito ay pangkalahatang impormasyon lamang at hindi kapalit ng legal na payo. Kung kailangan mo ng legal na payo na may kaugnayan sa pagpasok sa care facility, makipag-ugnayan sa isang abogado o notaryo o iyong local community law office.